

# Ika-65 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng:

Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura Lungsod ng Kawasaki, Marso 26, 2019

(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html>

(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

## Pagsali sa Kawasaki Citizens' Festival

Noong ika-tatlong araw ng ika-41 Kawasaki Citizens' Festival na ginanap noong ika-2 ng Nobyembre, Biyernes hanggang ika-4 ng Nobyembre, Linggo, muling sumali ang mga kinatawan ng dayuhan sa ibentong ito. Sa parada, sumali ang mga kinatawan at ang kanilang mga pamilya at kakilala. Suot ang mga pambansang damit, pumarada ang mga kinatawan habang kumakaway sa mga tao sa daan.

Noong hapon ay tumayo ang mga kinatawan sa booth. Kami ay nagpapasalamat sa mga dumalo sa booth kahit na sa maulang panahon. Lalo na sa mga bata, marami ang mga natuwa sa mga pinakitang laruan, instrumento, at kasuotan ng iba't ibang bansa. Sa pagtikim ng mainit na tsaang iba't ibang bansa, nagawa naming makipagtalakayan sa mga dumalo sa ibento. Sa pagpatuloy na pagsali mga ibento, aming ninanais na magkaroon ng mas mabuting pakikipagtalakayan sa mga residente ng Kawasaki.

Choi Kyoungsim



# Pagsaganap ng Open Forum

Isinaganap ang 2018 Open Forum noong ika-16 ng Disyembre, Linggo sa Nakahara Citizen's Hall. Ito ay mula ika-2pm hanggang 5pm. Dinaluhan ang forum ng 70 katao. Inilagay ang mga dumalo at mga kinatawan sa 6 na grupo. Sa bawat grupo ay nagkaroon ng diskusyon tungkol sa mga mahirap na bagay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhan sa lungsod. Nagkaroon din ng talakayan tungkol sa mga ideya upang mapabuti ang multi-kultural na pamumuhay sa lungsod. Pagkatapos ng diskusyon, ay iprinesenta sa mga dumalo kung ano ang napag-usapan ng bawat grupo. Sa dulo nito ay nagbigay ng komento ang inimitang commentator na si Yuji Nakano, propesor ng Komazawa University.



Sa survey na ginawa, aming natanggap ang mga sumusunod na impresyon:”Ang groupwork ay napakabuti dahil may pakiramdam na kapwa kami gumagawa ng isang bagay.”, “Sa isang society kung saan dumadami ang mga dayuhan, isang isyu ang kung paano magkaroon ng mabuting pamumuhay ang magkakaibang kultura. Importanteng magsimula sa pagkakaroon ng koneksyon sa mga dayuhan, mula dito ay magkakaroon ng komunikasyon. Kapag may iba pang ibento, nais kong sumali ulit.”, “Mabuti na magkaroon ng awareness sa komyunidad ang mga dayuhang residente. Dapat na makasali sila sa iba’t ibang ibento, meeting, at pagpupulong.”

Nagkaroon ng pagsasalo pagkatapos ng ibento. Kahit saglit lang, nagkaroon kami ng mabuting talakayan. Maraming salamat sa mga dumalo sa open forum.

## ► Impresyon sa Open Forum

Sa open forum na ito, ninais namin na marinig ang opinyon ng mga residente ng lungsod at maipamahagi rin ang mga napagtalakayan sa mga meeting ng kinatawan. Dahil lahat ay masigasig na nakisali sa group discussion, nagkaroon ng mabuting pagtalakay sa mga tema. Nais naming gamitin ang inyong mga opinyon at ideya sa mga susunod na delibirasyon.

Kahit sa pagsalo pagkatapos ng forum, naituloy ang masayang pagdiskusyon at nagkaroon ng bagong mga kaibigan. Para sa mga hindi nakasali sa open forum, maaring din kayong makinig sa mga meeting o makisali sa ibang ibento ng lungsod.

Ogoshi Milton Tomio

## Ulat mula sa mga Komite

### ◆Komite para sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon

Sa Komite para sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon, pagtatalakayan ang sumusunod na tema: 1. Impormasyon at pagkonsulta, 2. Pagbigay ng pampublikong impormasyon ng lungsod gamit ang business o mga Japanese school, 3. Impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad para sa mga turista. Aming napagdiskusyonan ang 1. Impormasyon at pagkonsulta. Sa talakayan, aming nakompirma na marami nang naipamamahaging impormasyon sa mga dayuhang residente ng lungsod. Dahil dito, aming inayos ang mga importanteng isyu sa malawak na tema ng Impormasyon at pagkonsulta. Sa susunod, aming pagdidiskusyonan kung paano masisigurado ang pagkakaroon ng tamang impormasyon ukol sa mga bagay na importanteng malaman ng mga tao kagaya ng ospital, at pag-iwas sa kalamidad.

Choi Kyoungsim


Tagapangulo ng Komite sa Impormasyon at Pampublikong Relasyon

### ◆Komite para sa Edukasyon at Trabaho

Sa Komite para sa Edukasyon at Trabaho, pagtatalakayan ang sumusunod na tema: 1. Suporta ng paaralan sa wikang hapon para sa bata, 2. Edukasyon para sa pag-intindi ng magkaibang kultura, 3. Suporta sa trabaho. Napagdiskusyonan na ang 1. Suporta ng paaralan sa wikang hapon para sa bata. Sa talakayan, nalaman na: 1. Merong sistema sa lungsod para sa pagsuporta sa wikang Japanese, 2. Sa mga nakaraang taon, dumadami ang mga batang kinakailangan ng suporta sa wikang Japanese, 3. Dahil sa pagdami ng batang kailangan ng suporta, hindi nabibigyan ng sapat na suporta ang mga bata. Sa susunod nais naming ituloy ang diskusyon at magkaroon ng mabuting proposal.

Urakova Mahabat

Tagapangulo ng Komite para sa Edukasyon at Trabaho



## Nais mo bang makinig sa meeting?

—Iskedyul ng Pagpulong sa termino ng taong 2019—

Lugar: Kawasaki International Center

(10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko/Meguro line)

Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml>

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

Ika-unang meeting

Unang araw Abril 21, Linggo

Ikalawang Araw Mayo 19, Linggo

Ika-dalawang meeting

Unang araw Hunyo 16, Linggo

Ikalawang Araw Setyembre 8, Linggo

Ika-tatlong meeting

Unang araw Oktubre 13, Linggo

Ikalawang Araw Disyembre 8, Linggo

Ika-apat na meeting

Unang araw Enero 19, Linggo

Ikalawang Araw Pebrero 9, Linggo

\* \* \* \* \*

Ang meeting ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina't makinig sa pagpulong!

# Pakikipag-usap sa mga Dayuhan



Hindi perpekto ang aking Japanese, pero sa Japan, palagi kong sinusubukang makipag-usap sa wikang Hapon. Marami sa mga Japanese ang gumagamit ng madaling Japanese na salita o kaya nakikipag-usap nang dahan-dahan, kaya't nagiging masaya ang diskusyon. Ngunit may mga panahon din na kapag gumamit ako ng Ingles, ay nag-aalala ang aking kausap na baka hindi nila ako maintindihan.

Sa mga kakilala kong dayuhan, meron ding mga marunong magsalita ng Japanese. Kapag may nais makipag-usap na dayuhan, maaring pakinggan at mag-enjoy sa pakikipag-usap. Kahit na maikling salita o mga gesture ay marami nang pwedeng mapagtalakayan.

Romanda David



## Multilingual na impormasyon para sa mga Dayuhang naninirahan sa Lungsod

### Para sa lahat ng nakatira sa Lungsod ng Kawasaki na Taga-ibang Bansa

Listahan ng mga pangunahing administrative service counters at numero ng telepono para sa mga dayuhang residente sa siyudad ng Kawasaki

Ang “Para sa lahat ng nakatira sa Lungsod ng Kawasaki na Taga-ibang Bansa” ay booklet na naglalaman ng mga importanteng serbisyo at numero ng telepono na maaaring gamitin ng mga dayuhang residente ng lungsod. Ang mga impormasyon ay nakagrupa sa “Panahon ng emerhensiya”, “Pagrehistro ng mga residente”, “Social insurance at Pensyon”, “Kapakanan at kalusugan”, “Edukasyon at Kultura”, at “Pamumuhay at Konsultasyon”. Ito ay nakasalin sa 8 wika: Japanese, English, Chinese, Korean, Portugese, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Maaaring makuha ang booklet mula sa mga ward office, citizen’s halls, o sa International Center.



<http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000049029.html>



### Listahan ng mga pampublikong dokumento ng Lungsod ng Kawasaki na nakasalin sa iba't ibang wika

Sa lungsod ng Kawasaki, ang iba't ibang impormasyon ay isinusulat sa “Japanese na may ruby o hiragana”, “madaling maintindihan na Japanese”, at “iba't ibang wika”. Sa “Listahan ng mga pampublikong dokumento ng Lungsod ng Kawasaki na nakasalin sa iba't ibang wika”, maaaring malaman kung ano ang mga dokumento at kung saan ito pwedeng makuha.



<http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000046133.html>



### 【Para sa katanungan】

**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura**

9<sup>th</sup> floor Frontier Building Ekimae-Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

